# Tips at Tricks sa Renewal ng KanCare

## Ang mga paunawa sa renewal ay ipapadala sa pamamagitan ng liham lamang sa address na mayroon ang KanCare.

Kapag ang iyong impormasyon ay nagbago, tawagan ang KanCare Clearinghouse (800-792-4884) o ang iyong Medicaid insurance provider (sa ibang salita ay UnitedHealthcare, Aetna, o Sunflower), o gamitin ang chatbot sa ibabang sulok ng bahagi ng: www.kancare.ks.gov.

- **TIP**: Kung ikaw ay kasalukuyang walang home address, maaari mong isumite ang address ng isang kaibigan o miyembro ng pamilya kung saan mayroon kang access para makuha ang sulat.

## Ang mga paunawa sa renewal ay ipapadala batay sa petsa ng enrollment sa KanCare.

Ang proseso ng renewal ay magaganap sa buong taon kaya kung hindi mo natanggap ang paunawa sa renewal, posibleng hindi mo pa oras. Maaari mong kontakin ang iyong KanCare Clearinghouse (800-792-4884) o ang iyong Medicaid insurance provider para malaman ang iyong buwanang renewal.

- **TIP**: Mayroong **voicemail option** para sa Clearinghouse – ang pag-iwan ng mensahe ay magpuputol sa paulit-aulit na tawag at mahabang oras ng paghihintay.

## Madalas na tingnan ang iyong sulat at ibalik ang iyong renewal paperwork sa lalong madaling panahon. Dapat MATANGGAP ng KanCare ang iyong papeles sa ika-$^{15}$ ng buwan sa nakatakdang panahon nito.

*Halimbawa: Kapag nakatanggap ka ng abiso sa Hunyo, ang iyong paperwork ay dapat nasa opisina ng KanCare sa Hulyo ika-$^{15}$.*

Kapag hindi natanggap ng KanCare ang iyong form sa ika-$^{15}$, **mawawala ang iyong coverage** sa katapusan ng buwan na iyon kahit na kwalipikado ka. Kapag nawala ang iyong coverage, mayroon kang 90 araw para magsumiteng muli para sa pagkakataong magkaroon ng backdated coverage at reimbursement. Anumang medikal na gastusin ay sasagutin mo hanggang sa maaprubahan ang reimbursement.

- **TIP**: Tiyakin na ang iyong paperwork ay **PINIRMAHAN at Pinetsahan.** Ang mga hindi pinirmahang form ay hindi ipoproseso.

- **TIP**: Mas makakabuti na **magpadala ng di kumpleto (pero pinirmahang) form SA LALONG MADALING PANAHOn** kaysa maghintay ng lahat ng wastong impormasyon. Ipa-follow up ng KanCare ang susunod na kailangan nila.

- **TIP**: Dahil sa mga pagkaantala sa koreo, ang pag-fax ng iyong papeles ay ang pinakamadaling paraan upang kumpirmahin na ito ay naipadala sa tamang oras. Ang mga serbisyo ng fax ay maaaring makita sa mga pampublikong silid-aklatan at maaaring available sa pamamagitan ng opisina ng iyong doktor. Pagkatapos ma-fax, **itago ang iyong kumpirmasyon** sakaling may anumang problema.
  1-800-498-1255 (fax)